ISSN (Online) 2799-0842
ISSN (Print) 2799-130X

# WORLD EDUCATION CONNECT

**MULTIDISCIPLINARY E-PUBLICATION**

Vol. IV Issue VII, July 2024
Monthly Issue
*International Circulation*



Pinagpala
PUBLISHING SERVICES

NBDB Reg. No. 3269
DTI Business Reg. No. 3034433
TIN 293-150-678/ Business Permit No. 8183
San Vicente, Tarlac City, Philippines, 2300
pinagpalapublishingservices@gmail.com
+639985799958

"Write. Connect. Educate."

@pinagpalapublishing
pinagpala_publishing
www.pinagpalapublishing.com

**World Education Connect**
***Multidisciplinary e-Publication***
Volume IV, Issue VII (July 2024), p.226-228 International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

# LESSON EXEMPLAR SA PAGTUTURO NG MGA ELEMENTO NG TULA



**ZARAH JANE P. MANILA, MAT-FILIPINO**
*Teacher III*
Jesus J. Soriano National High School
Davao City, Region 11, Philippines

**BANGHAY-ARALIN SA FILIPINO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | **FILIPINO 7** | **Kwarter:** | **1** |
| **Bilang ng Aralin:** | **2** | **Petsa:** | **Ika-10 ng Hulyo, 2024** |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa:** | **Mga Elemento ng Tula** | | |
| **Pangalan:** | **ZARAH JANE P. MANILA** | **Baitang at Pangkat:** | **7** |

| **I. NILALAMAN, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | | **TALA NG GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (Tula) at tekstong impormasyonal (ekspositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng sanaysay tungkol sa pinakatampok na mga pangyayari sa buhay ng isang tauhan sa binasang akda at borador ng ***comic book brochure*** na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo, at etikal na kasanayan at pananagutan | |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nasusuri ang mga detalye ng teksto para sa kritikal na pag-unawa.**<br>a. Natutukoy ang mahahalagang elemento (persona, sukat, tugma, **talinghaga** at estilo) at detalye (paksa nilalaman at kaisipan) ng teksto. (Pag-alala)<br>b. Nagagamit ang iba't ibang uri ng tayutay sa pagbuo ng pangungusap. (Pag-unawa)<br>c. Nakabubuo ng isang dalawang saknong na tula gamit ang iba't ibang uri ng tayutay (Paglikha) | |
| **D. Nilalaman** | **Kaligirang Pangkasaysayan (Panitikan sa Panahon ng Katutubo-Tula)**<br>▪ Elemento ng tula (persona, sukat, tugma, **talinghaga** at estilo) at detalye (paksa nilalaman at kaisipan) ng teksto. | |
| **E. Integrasyon** | ➢ Panitikan sa Makabagong Panahon (KPop)<br>➢ Values Education at Araling Panlipunan | |
| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** | | **TALA NG GURO** |
| **A. Mga Sanggunian** | https://www.slideshare.net/slideshow/mga-uri-ng-tayutay-mga-uri-ng-tayutay/266210882 | |
| **B. Iba Pang Kagamitang Panturo** | Mga Kagamitang Biswal, Power Point Presentation, Audio-biswal, laptop | |

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.

**World Education Connect**
***Multidisciplinary e-Publication***
Volume IV, Issue VII (July 2024), p.226-228 International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>TALA NG GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>Preliminari na Gawain:<br><br>• Panalangin<br>• Pagtasa sa atendans<br><br>SURI ANG SUSI<br><br>• Magpapabasa ang guro ng sipi ng isang tula. Susuriin ng mga mag-aaral ang sukat at tugma nito bilang bahagi ng pagbabalik-aral.<br><br>Ang aking katawan ay parang barko<br>Na lumilipad sa dagat ng buhay, iyang ang totoo<br>Kung minsan ay mabangis ang alon<br>At kung minsan naman ay maambon<br><br>Ang aking puso ay parang rosas<br>Na kailanman ganda'y di kumukupas<br>Ngunit kung minsan ay nasasaktan man<br>Hirap ay kaya ko pa ring malampasan<br><br>-anonymous-<br><br>Pagpoprosesong Tanong:<br>1. Ano ang iyong naramdaman matapos mabasa ang tula?<br>2. Ang tula ba na iyong binasa ay nagtataglay ng sukat at tugma?<br>3. Ano-ano ang mga salitang magkakatugma sa tula?</td><td></td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin</td><td>A. Pagganyak: Pipili ang mga mag-aaral ng isang personal na gamit na dala-dala sa paaralan na sa tingin nila ay maglalarawan ng kanilang buhay.<br><br>Tanong: Ano ang pagkakatulad ng gamit na iyan sa iyong buhay?<br><br>Pagpoprosesong Tanong:<br>1. Ano ba ang mga bagay na pinaghahambing sa loob ng pangungusap?<br>2. Ano-ano ang mga ginamit na salita na nagsasaad ng pagtutulad?</td><td></td></tr>
<tr><td></td><td>B. Talakayan:<br><br>1. Mula sa mga sagot ng mga mag-aaral, huhugot ang guro ng ilang natatanging halimbawa upang ipaliwanag ang mga uri ng tayutay. (pagtutulad, pagwawangis at pagsasatao).<br>2. Ihahayag ng guro ang kahulugan ng mga tayutay. Dagdag nito, ay gagamiting halimbawa, susuriin at itatama (kung kinakailangan) ng guro ang mga pangungusap na binuo ng mga mag-aaral sa paunang gawain upang mapalawig pa ang paksa.<br><br>Ang tayutay ay salita o isang pahayag na ginagamit upang bigyang-diin ang isang kaisipan o damdamin. Sinasadya ng pagpapayahag na gumamit ng talinghaga o di-karaniwang salita upang bigyan diin ang saloobin ng naghahayag. Gumagamit din ito ng mga di-literal na pananalita upang maging mabisa ang ibig sabihin ng pahayag.<br><br><table><tr><th>PAGTUTULAD</th><th>PAGWAWANGIS</th><th>PAGSASATAO</th></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr></table></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td><td>SABAY-SABAY NATING AWITIN!<br>Pangkatang Gawain: May mga ipaaawit sa mga mag-aaral. Tutukuyin at ipaliliwanang ng mga mag-aaral ang tayutay na nakapaloob dito.<br><br>Pangkat 1<br>a. Feels like summer when I'm with you<br>Parang islang pantropiko<br>Can't wait to go back with you (oh)<br>Sa islang pantropiko (pantropiko, pantropiko, oh)<br>-Pantropiko (Bini)<br>Pangkat 2<br>b. Pasensya na, kung papatulugin na muna<br>Ang pusong napagod kakahintay<br>Kaya sa natitirang segundong kayakap ka<br>Maaari bang magkunwaring akin ka pa<br>-Malaya (Moira)<br>Pangkat 3<br>c. Aking sinta ikaw ang tahanan at mundo</td><td>Connection<br>Collaboration<br>Engagement</td></tr>
</table>

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.

**World Education Connect**
***Multidisciplinary e-Publication***
Volume IV, Issue VII (July 2024), p.226-228 International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

Sa pagbalik mananatili na sa piling mo
**Mundo'y magiging ikaw**
-Mundo (IV of Spades)

**D. Paglalahat**

**Pamprosesong mga tanong:**
1. Habang inaawit ito, anong damdamin ang iyong naramdaman?
2. Paano nakatutulong ang mga tayutay sa mensahe ng tula at awit?
3. Naranasan mo na bang gumamit ng mga tayutay na nabanggit sa iyong pakikipagtalastasan? Magbahagi ng karanasan.

*Critical Thinking Skills*

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO, PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | **TALA NG GURO** |
|---|---|

**A. Pagtataya**

**AKO AT ANG TULA!**

**Isahang Gawain:** Sa isang buong papel, lilikha ang mga mag-aaral ng tulang may 2 saknong na ang bawat saknong ay may 4 na taludtod. Ito ay dapat may tugma ngunit maaaring walang sukat. Ang tulang gagawin ay may paglalapat ng 3 uri ng tayutay na tinalakay. Malayang pipili ang mga mag-aaral ng paksa mula sa 4 na core values ng Kagawaran ng Edukasyon:
a. MakaDiyos
b. Makatao
c. Makakalikasan
d. Makabansa

**Pamantayan**

| Kriterya | 5 Napakahusay | 4 Mahusay | 3 Katamtam ang-husay | 2 'Di gaanong mahusay | 1 Nangangaila ngan ng gabay |
|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman (Mensahe) | | | | | |
| Teknikalidad (Tugma at gamit ng Tayutay) | | | | | |
| Pagkamalikh ain | | | | | |
| Kabuoan | | | | | |

*21st Century skills:*

*Learning and Innovation Skills*

**B. Pagbuo ng Anotasyon**

| *Itala ang naobserbahan sa pagtuturo sa alinamang sumusunod na bahagi* | *Epektibong pamamaraan* | *Problemang naranasan at iba pang usapin* |
|---|---|---|
| **Estratehiya** | | |
| **Kagamitan** | | |
| **Pakikilahok ng mga Mag-aaral** | | |
| **At iba pa** | | |

**C. Pagninilay**

**Gabay sa Pagninilay:**

- **PRINSIPYO SA PAGTUTURO**
  ***Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?***
  ______________________________________________
  ______________________________________________
  ______________________________________________

  ***Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?***
  ______________________________________________
  ______________________________________________

- **MAG-AARAL**
  ***Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?***
  ______________________________________________
  ______________________________________________

  ***Paano natuto ang mga mag-aaral?***
  ______________________________________________
  ______________________________________________

- **PAGTANAW SA INAASAHAN**
  ***Ano ang aking nagawang kakaiba?***
  ______________________________________________
  ______________________________________________

  ***Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?***
  ______________________________________________
  ______________________________________________

***DOI*** **10.5281/zenodo.13147232**

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.